ARALIN
1

# Mga Uri ng Pangngalan

## Panlingguhang Layunin

**Pag-unawa sa Napakinggan**

Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang teksto

**Wikang Binibigkas**
Naipapahayag ang sariling opinion o reaksyon sa isang napakinggang balita isyu o usapan

**Gramatika(Kayarian ng Wika**)
Nagagamit ng wasto ang mga pangngalan at panghalip sa pagtalakay tungkol sa sarili, sa mga tao, hayop, lugar, bagay at pangyayari sa paligid

**Pag-unlad ng Talasalitaan**
Naibibigay ang kahulugan ng salitang pamilyar at di-pamilyar sa pamamagitan ng gamit sa pangungusap

**Pag-unawa sa Binasa**
Nasasagot ang mga tanong sa binasang kwento

**Estratehiya sa Pag-aaral**
Nabibigyang kahulugan ang patalastas

**Pagsulat**
Nakasusulat ng isang maikling balita

**Unang Araw**




II. A. Paksang Aralin

Mga Uri ng Pangngalan :

B. Sanggunian

Pag-unlad sa Wika at Pagbasa 5 p.25
Hiyas sa Wika 5 p.38
F5PN-Ia-4

C. Mga Kagamitan

Kwento, tsart, larawan

III. Pamamaraan

1. Balik-aral

   Ipaayos sa mga bata ang mga salita upang makabuo ng isang kaisipan ukol sa nakalipas na aralin.

2. Pagsasanay

   Gabayan ang mga bata na bumuo ng maikling_______ na ginamitan ng iba’t-ibang pangngalan.

   a.tula - Pangkat 1
   b.awit - Pangkat 2
   c.yell - Pangkat 3

3. Mga Gawain:

   A. Pagganyak

   Ipabasa sa mga bata ang patalastas at ipasagot ang mga tanong ukol sa binasa.

B. Paglalahad

Anong okasyon meron sa ating barangay ngayong Hunyo?

Ngayon ay iparirinig ko sa inyo ang isang kwento tungkol sa “Pista sa Aming Bayan”.

C. Pagtalakay

Ipasagot ang mga tanong ukol sa napakinggang kwento.

D. Pagpapayamang Gawain

Pansinin ang mga pangngalang ginamit sa kwento.Sabihin kung anong uri ang mga pangngalan na ginamit.

E. Paglalahat

Tandaan may dalawang uri ang pangngalan,ito ay ang **pangngalang pantangi at pangngalang pambalana.**

F. Paglalapat

Salungguhitan ang mga pantanging ngalan at ikahon ang mga pambalana.

IV. Pagtataya

Ibigay ang pambalanang ngalan ng mga sumusunod na pantanging ngalan.

1. Acer
2. Laguna Doctor’s Hospital
3. Sun Star
4. Dr. Renato G. Cruz
5. Pilot

V. Takdang Aralin

Sabihin kung ang mga sumusunod na pangngalan ay **pantang**i o **pambalana**

**Ikalawang Araw**

2

.Layunin

· Nasasagot ang mga tanong sa napakinggang kwento

· Nabibigyang kahulugan ang patalastas

II. A.Paksang Aralin

Pagbibigay ng Kahulugan sa Patalastas

B. Sanggunian

Pag-unlad sa Wika at Pagbasa 5 p.
Hiyas sa Wika 5 p.38
F5EP-Ia-15

C. Mga Kagamitan

Metacards. patalastas,tsart

III. Pamamaraan

1. Balik-aral
   Itanong: Anu-ano ang ibat-ibang uri ng pangngalan?

2. Pagsasanay
   Sabihin: Ilagay ang mga salita sa tamang hanay kung ito ay pangngalang pantangi o pambalana.(Nakasulat sa meta cards)

3. Mga Gawain

   A. Pagganyak
   Itanong: Sino sa inyo ang makapagbibigay ng halimbawa ng isang patalastas?

   B. Paglalahad
   Sabihin: Basahin ang patalastas at sagutin ang mga tanong ukol dito.

C. Pagtalakay

Talakayin ang patalastas na ipinakita sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong.

D. Pagpapayamang Gawain

Sabihin: Pag-usapan ninyo ng katabi mo kung anu-anong shampoo na ang inyong nagamit.

E. Paglalahat

Ano ang uri ng pangngalan kung ito ay tumutukoy sa tanging ngalan ng tao, bagay, pook, at pangyayari? Kung ito ay tumutukoy sa karaniwang ngalan ng tao, bagay hayop at lugar?

F.Paglalapat

Nasa loob ng kahon ang mga pangngalan. Piliin ang angkop na pangngalang bubuo sa bawat pangungusap.

IV. Pagtataya

Ibigay ang kahulugan ng patalastas

V. Takdang-Aralin

Sumulat ng iyong sariling patalastas tungkol sa isang sakit. Gumamit ng mga pangngalang pantangi at pambalana.

**Ikatlong Araw**

3

Layunin

- Nasasagot ang mga tanong sa bina
- Naipapahayag ang sariling opinion
  isang napakinggang balita, isyu o usapan.
- Nakasusulat ng isang maikling balita.

II. A. Paksang Aralin

Pagsulat ng Isang Maikling Balita

B. Sanggunian

Pag-unlad sa Wika at Pagbasa 5 p.32
Hiyas sa Wika 5 p. 43 at 48
F5PU-Ia-2.B

C. Mga kagamitan

Balita,tsart,metacard

III. Pamamaraan

1. Balik-aral

Mula sa takdang aralin ng mga bata pumili ng isa at ipresent ito sa unahan. Hayaan ang mga batang piliin o mgbigay ng mga pangngalan na makikita ditto.Ipatukoy kung anong uri ng pangngalan ang mga ito.

2. Pagsasanay

Sabihin: Basahin at pag-aralan ang pagbabalitaan ng magkaibigan.Pansinin ang mga salitang may salungguhit.

Hannah, may balita ka na ba? Takdang aralin natin iyon ngayon diba?



May ginupit ako. Halika basahin mo. Pag-aralan natin ang pagkakabuo ng balita.

3. Mga Gawain

A. Pagganyak

Itanong: Sino sa inyo ang nanood ng balita kagabi?

B. Paglalahad

Sabihin: Makinig sa isang maikling balita na aking babasahin.

C. Pagtalakay

Ipasagot sa mga bata ang mga tanong ukol sa balitang kanilang narinig.

D. Pagpapayamang Gawain

Itanong: Ilang talata meron ang balita?Tungkol saan ang bawat talata?

E. Paglalahat

Itanong: Anu-ano ang mga dapat tandaan sa pagsulat ng balita?

F .Paglalapat

Gawin ang Gawain sa Isulat mo.

IV. Pagtataya

Sumulat ng isang maikling balita gamitan ng mga pangngalang pantangi at pambalana.

V. Takdang Aralin

Gumupit ng isang maikling balita idikit ito sa inyong kuwaderno at sa ilalim nito ay ibigay ang inyong opinion o reaksyon.

**Ikaapat na Araw**

Layunin

- Nagagamit ng wasto ang mga pangngalan sa pagtalakay tungkol sa sarili, sa mga tao,, sa mga hayop, lugar, bagay at pangyayari sa paligid.

**II.** **A.** Paksang Aralin

Wastong Paggamit ng mga Pangngalan sa Pagtalakay tungkol sa Sarili, sa mga Tao, sa mga Hayop, Lugar, Bagay at Pangyayari sa Paligid.

B. Sanggunian

Ugnayan Wika at Pagbasa 5 p.93
F5WG-Ia-e-2

C. Mga kagamitan

Tsart,metacards,maikling balita

III. Pamamaraan

1. Balik-aral

   Anu-ano ang mga dapat gawin kapag susulat ng isang maikling balita?

2. Pagsasanay

   Sabihin: Ilagay sa angkop na hanay ang mga pangngalan na nakasulat sa metacard kung ito ba ay ngalan ng tao,bagay,hayop,pook o pangyayari.

3. Mga Gawain

   A. Pagganyak

      Itanong: Sino sa inyo ang nais tumayo sa unahan upang magsabi ng ilang bagay tungkol sa inyong sarili,sa mga hayop na alaga ninyo,sa mga lugar na napuntahan na o mga pangyayari sa inyo?

B. Paglalahad

Sabihin: Ngayon ay tatalakayin natin ang wastong paggamit ng pangngalan sa pagtalakay sa ngalan ng tao, hayop, bagay, lugar at pangyayari.

.

C. Pagtalakay

Sabihin: Basahin ang mga sumusunod na pangungusap

Talakayin ang mga pangngalan na ginamit sa bawat pangungusap

1. Si Dr. Ramos ay nagpapakadalubhasa sa Amerika.
2. Masipag tumahol ang aming aso.
3. An bayanihan ay isang magandang kaugaliang Pilipino.
4. Maalat ang tubig sa dagat.
5. Nanganganib na pumutok ang bulkang Mayon.

D. Pagpapayamang Gawain

Pangkatang Gawain:

Ang bawat grupo ay magkakaroon ng talakayan gamit ang ibat-ibang pangngalan.

Pangakt I- tao
Pangkat 2- bagay
Pangkat 3- hayop
Pangkat 4- lugar
Pangkat 5- pangyayari

E. Paglalahat

Nagagamit natin ang pangngalan upang matalakay ang mga bagay ukol sa ating sarili, tao, bagay, hayop, lugar at pangyayari.

F. Paglalapat

Punan ang patlang ng wastong pangngalan upang mabuo ang bawat pangungusap.

IV. Pagtataya

Sumulat ng isang maikling talata gamit ang iba’t-ibang pangngalan.Pumili ng paksa sa mga sumusunod:

a. Paboritong artista
b. Alagang hayop
c. Prutas
d. Lugar na napuntahan na
e. Isang pangyayari sa iyong buhay

V. Takdang Aralin

Sumulat ng isang talata na tumatalakay sa iyong sarili.

Ikalimang Araw

Naibibigay ang kahulugan ng salitang pamilyar at di- pamilyar sa pamamagitan ng paggamit sa pangungusap.

II. **A.** Paksang Aralin

Pagbibigay ng Kahulugan sa mga Salitang Pamilyar at Di- pamilyar sa Pamamagitan ng Paggamit sa Pangungusap

B. Sanggunian

F5PT-Ia-b-1.14
Yaman at Dunong p.5

C. Mga kagamitan

Talaan ng mga salita, diksyonaryo

III. Pamamaraan

1. Balik-aral

   Ano ang nakalipas na aralin?

2. Pagsasanay

   Sabihin: Basahin ang mga sumusunod na pangungusap at ibigay ang kahulugan ng may salungguhit na salita.

3. Mga Gawain

   A. Pagganyak

      Ipabuo sa mga bata ang mga salitang magkakahiwalay upang makabuo ng isang pangungusap. Ipabigay ang kahulugan ng may salungguhit na salita

   B. Paglalahad

      Sabihin: Ngayon ay pag-aaralan natin ang pagbibigay ng kahulugan sa mga pamilyar at di-pamilyar na salita sa pamamagitan ng paggamit sa pangungusap.

.

C. Pagtalakay

Pag-usapan kung ano ang paraan upang malaman ang kahulugan ng isang pamilyar at di-pamilyar na salita.

D. Pagpapayamang Gawain

Tukuyin ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa pangungusap. Isulat ang nawawalang letra ng salitang kahulugan nito.(cj p.5)

E. Paglalahat

Malalaman natin ang kahulugan ng isang salita sa pamamagitan ng paggamit nito sa pangungusap.

F. Paglalapat

Ipagawa sa mga bata ang Gawain sa Sulatin Mo. (KM)p.

IV. Pagtataya

Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod na salita sa pamamagitan ng paggamit nito sa pangungusap

1. Nasabi
2. Tugon
3. Materyales
4. Timpi
5. pangkat

V. Takdang Aralin

Magbigay ng 5 halimbawa ng di-pamilyar na salita ibigay ang kahulugan nito sa pamamagitan ng paggamit nito sa pangungusap. Isulat sa kwaderno.